

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Lungsod ang unang Explore Brampton Youth Pass nito

Bagong pass para magbigay ng libreng pamasaha sa Brampton Transit, libreng access sa piling mga programa ng Brampton Recreation para sa Brampton youth

BRAMPTON, ON (Mayo 19, 2022) – Inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang pilot na programa nitong Explore Brampton Youth Pass.

Sa pass na ito, ang kabataang may edad na 12 hanggang 16 na mga residente ng Brampton ay magkakaroon ng libreng pamasaha sa Brampton Transit at libreng access sa piling drop-in na mga programa ng Brampton Recreation, kabilang ang paglalangoy, skating at piling isport mula Hulyo 1 hanggang Setyembre 5, 2022.

Ang Lungsod ay may 2,000 Explore Brampton Youth Passes na mapapakinabangan sa pamamagitan ng pilot na programang ito. Ibibigay ang prayoridad sa mahihinang kabataan. Naglalayon ang pilot na programa na hikayatin ang kabataan na gumamit ng public transit at mga pasilidad ng recreation sa Brampton, inilalatag ang pundasyon para sa aktibong uri ng pamumuhay at nakakalusog na mga habit.

Pwedeng mag-aplay ngayon online. [Mag-click dito para malaman ang mas parami pa tungkol sa Explore Brampton Youth Pass at magsumite ng aplikasyon.](#)

Mga Quote

“Excited kami na ilunsad ang unang Explore Brampton Youth Pass ng Lungsod ng Brampton para sa summer 2022. Ang Brampton ay isa sa pinakabatang mga lungsod sa Canada, na may premier transit at mga pasilidad ng recreation, at hinihikayat ko ang kabataan na samantalahin ang pass na ito at magkaroon ng masaya, ligtas at abot-kayang summer.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Aktibong Lungsod, isang Lungsod ng mga Oportunidad at isang Luntiang Lungsod. Ang kabataan ay ang mga lider sa kinabukasan, at patuloy tayong magbibigay sa diverse at masiglang komunidad ng kabataan sa Brampton ng mga pagkakataon para manatiling malusog at aktibo, tulad ng Explore Brampton Youth Pass. Ito ay isang milestone sa mga inisyatiba para sa kabataan sa ating lungsod!”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Explore Brampton Youth Pass ng Lungsod ng Brampton ay nagpapakita sa ating nagpapatuloy na dedikasyon sa kabataan ng ating lungsod. Ipinagmamalaki ng Lungsod na kinilala nang tatlong beses sa nakalipas na ilang taon para sa outstanding commitment nito para sa mga pagkakataon ng pag-unlad at pag-develop para sa kabataan, nang makatanggap ng designasyon ng Platinum Status Youth Friendly Community mula sa Play Works, isang programa na suportado ng Parks at Recreation Ontario.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay committed sa pagpapalahok sa kabataan ng Brampton para suportahan ang kanilang pag-unlad at pag-develop sa ating lungsod. Ang Brampton ay isang magandang lugar para manirahan, magtrabaho at mag-enjoy, at magpapatuloy tayo sa mahalagang trabaho ng pagtulong na umunlad an gating kabataan.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca